# Nilalaman


1　Layunin ng Paggawa ng Plano ........................................................ 1

2　Paglalagay sa Posisyon ................................................................ 1

3　Kasalukuyang Kalagayan ng Mga Dayuhang Residente ng

Lungsod ng Nagoya ..................................................................... 2

4　Organisasyon ng Plano ................................................................ 3

5　Paraan ng Patakaran ..................................................................... 5

6　Pagpapabuti at Pagmimintina ng Sistema ng Pagtataguyod .................... 5

7　Plano ng Pagsasagawa .................................................................. 6

# 1 Layunin ng Paggawa ng Plano

Noong taong 2012, gumawa ang Lungsod ng Nagoya ng “Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan (tinatawag na “Unang Plano” mula dito) na isang patnubay para sa komprehensibo at sistematikong pagtataguyod ng mga patakaran upang maisakatuparan ang “Multicultural Coexistence Society” na kabilang sa pinagsisikapan nitong paglilinang ng isang lungsod kung saan nakikisalamuha at nagtutulungan ang mga mamamayang may iba’t ibang kultura.

Kasama ng pagwawakas ng panahon ng pagpaplano ng unang plano at upang maipagpapatuloy ang mga resulta ng nagdaang pagsusumikap, gumawa kami ng Ikalawang “Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan” (tinatawag na “Ikalawang Plano mula” dito) habang tinitingnan ang mga pagbabago sa kalagayang panlipunan at tumutugon sa mga bagong problema at pangangailangan upang maitaguyod ang isang lungsod kung saan nakikisalamuha at nagtutulungan ang mga mamamayang may iba’t ibang kultura.

# 2 Paglalagay sa Posisyon

Ang Ikalawang Plano ay isang hiwalay na plano na lilinaw sa prinsipyo at paraan ng lungsod sa pagtataguyod ng multicultural coexistence na ibinabatay sa “Nagoya City Next Comprehensive Plan 2018.”　Komprehensibo at sistematiko kaming magpapatuloy sa pagtataguyod ng Ikalawang Plano habang nagsusumikap na masiguro na tumutugma ito sa mga pagsisikap para sa mga dayuhang mamamayan (foreign citizen sa iba pang mga hiwalay na plano ng lungsod na ito.

**【Multicultural Coexistence Society】**

Ito ay nangangahulugang “isang lipunan kung saan ang lahat ng tao na magkakaiba sa nasyonalidad, lahi, at iba pa ay maligayang nagsasama bilang miyembro ng komunidad habang tinatanggap ang kaibahan ng kultura ng bawat isa at nagsusumikap na magkaroon ng pantay na kaugnayan”.

**【Dayuhang Mamamayan o Foreign Citizen ng Lungsod】**


Ang ilang mga dayuhang naninirahan sa lungsod na ito ay mga foreign nationals (taong mamamayan pa rin ng ibang bansa), subalit dumarami ang mga taong naging Japanese citizen o mga taong kinamumulatan ang kultura ng dayuhang magulang katulad ng mga batang isinilang sa isang international marriage (kasal ng isang Hapon sa kaparehang dayuhan). Ang ganitong mga taong mayroong pangkultuang kaugnayan sa ibang bansa ay maaaring may mga problemang dinaranas na pareho lang ng sa mga foreign nationals.

Kaya, ilalagay namin ang punto-de-vista ng mga taong ito sa Ikalawang Plano, at tatawagin namin silang mga “dayuhang mamamayan.”

Bukod dito, ang “dayuhang residente” ay tumutukoy lamang sa mga foreign national na may tirahan sa Lungsod ng Nagoya.

# 3 Kasalukuyang Kalagayan ng Mga Dayuhang Residente ng Lungsod ng Nagoya (sa Disyembre 31, 2015)


## Bilang at Porsiyento ng Dayuhang Residente




**Humigit-kumulang 3% ng populasyon ng Lungsod ng Nagoya ay mga dayuhang residente.**

- Kabuuang populasyon
  **2,286,345**
- Bilang ng Dayuhang Residente
  **67,693**
- Porsiyento ng Dayuhang Residente
  **2.96%**


## Porsiyento ng Dayuhang Residente ayon sa Kalagayan ng Pagkaresidente




**Mga 66% ng mga taong may ganitong kalagayan ng pagkaresidente ay inaasahang titira dito nang matagal na panahon**

- Kabuuan ng"Permanenteng Residente" "Espesyal na Permanenteng Residente" "Pangmatagalang Residente""Asawa ng Hapon""Asawa ng Permanenteng Residente"

## Porsiyento ng Dayuhang Residente Ayon sa Bansang Pinanggalingan





**Nakatira sa Lungsod ng Nagoya ang mga taong galing sa 136 bansa at 1 teritoryo**

- Una: Tsina
  **21,293 Katao（32%）**
- Ika-2: South Korea
  **16,316 Katao（24%）**
- Ika-3: Pilipinas
  **7,905 Katao（12%）**

## 4 Organisasyon ng Plano

### Pangunahing Layunin



**Pagsasakatuparan ng lungsod na may multicultural coexistence kung saan ang lahat ng mamamayan ay naninirahan ng mapayapa at ligtas at aktibong napapakinabangan ang dibersidad ng kultura at lahi**

Upang maisakatuparan ang lungsod na may multicultural coexistence kung saan ang lahat ng mamamayan ay maligayang nagsasama bilang miyembro ng komunidad habang tinatanggap ang kaibahan ng kultura ng bawat isa at nagsusumikap na magkaroon ng pantay na kaugnayan, mahalaga na magplanong patatagin ang lokal na imprastraktura ng dayuhang mamamayan, itaguyod ang paglahok sa komunindad at saka pagbutihin ang kamalayan ng lahat ng mamamayan sa multicultural coexistence.

Upang maging lungsod na may multicultural coexistence ang Lungsod ng Nagoya, ginawa namin ang Ikalawang Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan para maisulong ang mga patakaran sa multicultural coexistence.

### Panahon ng Pagpaplano

Fiscal na taong 2017
– Fiscal na taong 2021 (5 taon)



| | | |
|---|---|---|
| Pagtayo ng Lokal na Imprastraktura | **Pagsasalin ng impormasyon ng komunidad sa maraming wika** | ・Pagbibigay ng impormasyon ng pamahalaan at pamumuhay sa maraming wika at paraan<br>・Pagpapabuti sa serbisyong over the counter (madoguchi service) para sa dayuhang mamamayan |
| | **Suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Hapon** | ・Pagpapabuti sa suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Hapon<br>・Pagpapabuti sa istruktura ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon |
| | **Paninirahan** | ・Suporta para sa maayos na paglipat sa pribadong paupahang bahay<br>・Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa komunidad |
| | **Trabaho** | ・Pagpapabuti sa pagtatrabaho at kapaligiran ng trabaho |
| | **Edukasyon** | ・Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng edukasyon sa mga magulang<br>・Pangangasiwa ng mga batang hindi nakatala sa paaralan atbp. |
| | **Kalusugan, Medikal na Serbisyo, Kapakanan (Welfare)** | ・Pagpapabuti sa pagbibigay ng impormasyon na kaugnay sa kalusugan, medikal na serbisyo, at kapakanan (welfare)<br>・Pagbibigay ng pangangalaga sa mga dayuhang pasyente sa maraming wika atbp. |
| Paglikha ng komunidad kung saan puwede lumahok kahit sino | **Pagtataguyod ng paglahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad** | ・Pakikipagtulungan sa mahalagang tao (key person) at network<br>・Pagsisimula ng istruktura kung saan isinasama ang opinyon ng dayuhang mamamayan sa patakaran atbp. |
| | **Paglikha ng mapayapa at ligtas na komunidad** | ・Paghahanda at pagpapaliwanag tungkol sa sakuna<br>・Pagtataguyod ng paghadlang sa krimen at kaligtasan ng trapiko atbp. |
| Paglikha ng lipunan kung saan pinapakinabangang dibersidad | **Pagpapabuti ng kaalaman sa lipunan ng komunidad** | ・Pagpapaliwanag sa mga mamamayan ng komunidad, atbp.<br>・Pakikipagtulungan sa himpilan ng multicultural coexistence at kaugnay na organisasyon at komunidad atbp. |
| | **Pakinabangan ang dibersidad upang gawing masigla ang lungsod** | ・Paglikha ng lugar kung saan magagamit ang mga kakayahan ng dayuhang estudyante at dayuhang propesyonal<br>・Pakinabangan ang dibersidad upang mapagandang lalo ang Nagoya at ang diseminasyon ng impormasyon atbp. |
| | **Sistema ng pagtataguyod sa loob ng ahensiya ng pamahalaan** | ・Pagtataguyod sa pamamagitan ng mga pagpupulong sa buong ahensiya ng pamahalaan atbp. |
| | **Pakikipagkolaborasyon sa mga may kaugnayan na organisasyon o komunidad** | ・Pakikipagkolaborasyon sa bansa, prefecture, Pang-internasyonal na Sentro ng Nagoya (Nagoya Kokusai Center o Nagoya International Center), komunidad, atbp. |

Ang paglalathala ay isasagawa na sumasalamin sa nilikhang budget sa loob ng panahon ng

## 5 Paraan ng Patakaran

Itinatag ang sumusunod na 3 paraan ng patakaran upang maisakatuparan ang pangunahing layunin.

| Paraan ng Patakaran I | Pagtayo ng Lokal na Imprastraktura |
|---|---|

Magsisikap kami upang itayo ang mga lokal na imprastraktura upang mamuhay ng kasiya-siyang buhay ang mga dayuhang mamamayan na nahihirapan sa pag-intindi ng wikang Hapon at sa kaibahan ng kultura ng Hapon.

| Paraan ng Patakaran II | Paglikha ng komunidad kung saan puwede lumahok kahit sino |
|---|---|

Itinataguyod ang paglahok sa komunidad upang ang mga dayuhang mamamayan ay aktibong makakalahok sa sarisaring aktibidad ng komunidad bilang miyembro nito at makagawa ng aktibidad kasama ang mga mamamayang Hapon.

| Paraan ng Patakaran III | Paglikha ng lipunan na nakikinabang sa dibersidad |
|---|---|

Ang lahat ng mamamayan ay tinatanggap ang karapatang pantao at kaibahan ng kultura ng bawat isa, pinapalalim ang pag-uunawa sa multicultural coexistence habang itinataguyod ang paglikha ng lipunan na nakikinabang sa dibersidad.

## 6 Pagpapabuti at Pagmimintina ng Sistema ng Pagtataguyod

**（1）Sistema ng pagtataguyod sa loob ng ahensiya ng pamahalaan**

Sa pagsakatuparan ng patakaran, isusulong namin ang komprehensibo at sistematikong pagtataguyod batay sa masugid na kooperasyon sa pagitan ng mga may kaugnayang kawanihan na nakasentro sa mga pagpupulong ng lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan.

**（2）Pakikipagtulungan sa may kaugnayang organisasyon at komunidad**

Ang mga pagsisikap sa pagtaguyod ng multicultural coexistence ay isinasagawa alinsunod sa bawat tungkulin ng sarisaring kalahok katulad ng bansa, Aichi Prefecture, Pang-internasyonal na Asosasyon ng Aichi (Aichiken Kokusai Koryu Kyokai o Aichi International Association), Pang-internasyonal na Sentro ng Nagoya (Nagoya Kokusai Center o Nagoya International Center), mga kompanya, NPO, boluntaryo, komunidad, atbp. Upang epektibong itaguyod ang mga patakaran, mahalagang aktibong makipagtulungan sa mga may kaugnayang organisasyon na ito at sa komunidad.

Kaya, itatatag namin ang Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Council at masinsinan kaming makikipagtulungan sa may kaugnayang organisasyon at sa komunidad upang epektibong itaguyod ang mga patakaran para sa multicultural coexistence.

# 7 Plano ng Pagsasagawa

## Paraan ng Patakaran Ⅰ Pagtayo ng Lokal na Imprastraktura

### Pangunahing Patakaran 1 — Pagsasalin ng Impormasyon ng Komunidad sa Maraming Wika

**◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Ang impormasyon ay ibibigay sa mga dayuhang mamamayan gamit ang sarisaring wika at paraan upang matanggap at maintindihan nila ang impormasyong kinakailangan nila. Bukod dito, nakahanda na ang isang kapaligiran kung saan masinsinang makakapagkonsulta ang mga dayuhang mamamayan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**◆Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng dayuhang mamamayan na kilala ang "Aklat-Patnubay ng Buhay sa Nagoya (Nagoya Seikatsu Guide o Nagoya Living Guide" | 38.2% | 80.0% |

**◆Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran① Pagbibigay ng impormasyon sa pamahalaan at pamumuhay sa maraming wika at paraan
Patakaran② Pagpapabuti sa serbisyong over the counter (madoguchi service) para sa dayuhang mamamayan
Patakaran③ Pagpapabuti at pagmimintina ng serbisyo ng interpreter o tagasalin ng wika

**◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

Patakaran① Pagbibigay ng impormasyon sa pamahalaan at pamumuhay sa maraming wika at paraan

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagbibigay ng impormasyon sa maraming wika at paraan **Pinalawak** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagsasagawa ng pagpapatnubay tungkol sa pamamahala ng lungsod | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagsasalin ng impormasyon ng pamahalaan sa ibang wika, pagpapadala ng boluntaryo ng wika | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br>Bawat Opisina ng Kagawaran ng Ward |
| Pagpapabuti ng Nagoya Calendar **Pinalawak** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pamamahagi ng "Move to Nagoya Welcome Kit" over the counter (madoguchi) **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br>Bawat Tanggapan ng Ward |
| Pagpapabuti ng pampublikong ugnayan (public relations) para sa mga dayuhan **Pinalawak** | Naka Ward |

**Patakaran② Pagpapabuti sa serbisyong over the counter (madoguchi service) para sa dayuhang mamamayan**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
| --- | --- |
| Pagsasagawa ng konsultasyon o pagpapayo sa maraming wika | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagkakaroon ng interpreter sa video phone **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagpapadala ng interpreter **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Paglalagay ng interpreter over the counter (madoguchi) sa Tanggapan ng Ward | Naka Ward<br>Minato Ward |
| Pagsasanay upang mapabuti ang multicultural na kakayahan ng empleyado **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagbibigay ng impormasyon gamit ang “simple at madaling maintindihan na wikang Hapon” | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran③ Pagpapabuti at pagmimintina ng serbisyo ng interpreter o tagasalin ng wika**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
| --- | --- |
| Pagsasalin ng impormasyon ng pamahalaan sa ibang wika, pagpapadala ng boluntaryo ng wika (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br>Bawat Opisina ng Kagawaran ng Ward |
| Pagkakaroon ng interpreter sa video phone (Inulit) **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagpapadala ng interpreter (Inulit) **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Paglalagay ng interpreter over the counter (madoguchi) sa Tanggapan ng Ward (Inulit) | Naka Ward<br>Minato Ward |
| Pagsali sa sistema ng medikal na interpreter sa Aichi (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng mga dayuhang pasyente sa mga ospital ng lungsod at ospital ng universidad ng lungsod (Inulit) | Kagawaran ng Ospital<br>Nagoya City University |
| Pagpapadala ng interpreter sa mga dayuhang pasyenteng may tuberculosis, atbp. (Inulit) | Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan |
| Pagpapadala ng interpreter sa klase sa pag-aalaga ng bata, pagbisita sa bagong silang na sanggol/sanggol (Inulit) **Bago** | Naka Ward |
| Paglalagay ng interpreter sa nursery school (Inulit) | Kagawaran ng Bata at Kabataan |
| Paglalagay ng interpreter sa mga aktibidad na tumutulong sa mga konsultasyon o pagpapayo sa mga kababaihan at bata (Inulit) | Kagawaran ng Bata at Kabataan |

| Pangunahing Patakaran 2 | Suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Hapon |
|---|---|

### ◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran

Ibinibigay ang mga oportunidad sa pag-aaral na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga dayuhang mamamayan na nagnanais mag-aral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Haponsa pakikipagtulungan ng mga may kaugnayang institusyon katulad ng mga institusyon sa pagtuturo ng wikang Hapon. Dahil dito, madadagdagan ang mga kakayahan sa wikang Hapon ng mga dayuhang mamamayan at lalalim ang kaalaman nila sa lipunan ng bansang Hapon.

### ◆Hangad na Matupad ng Patakaran

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na katumbas o higit sa "pang-araw-araw na pakikipag-usap" ang kakayahan sa wikang Hapon | 64.0% | 80.0% |

### ◆Direksiyon ng Patakaran

Patakaran④ Pagpapabuti sa suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Hapon
Patakaran⑤ Pagpapabuti sa istruktura ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon

### ◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran

**Patakaran④ Pagpapabuti sa suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at lipunan ng bansang Hapon**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pangangasiwa ng klase sa wikang Hapon sa Pang-internasyonal na Sentro ng Nagoya (Nagoya Kokusai Center o Nagoya International Center) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagtatag ng "Klase sa wikang Hapon para sa mga Bata" **Pinalawak** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng "Unang Intensibong Klase sa Wikang Hapon" at "Klase sa Wikang Hapon na May Espesyal na Suporta at Patnubay" (Inulit) | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |

**Patakaran⑤ Pagpapabuti sa istruktura ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Kolaborasyon sa Mga Klase ng Wikang Hapon sa lungsod | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng "Sentro sa Konsultasyon para sa Pagtuturo ng Wikang Hapon (Nihongo Kyoiku Sodan Center o Japanese Language Education Consultation Center)" (Inulit) | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Paglilinang ng mga tagasuporta sa mga dayuhang bata at estudyante (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagtataguyod ng mga aktibidad ng boluntaryo sa wikang Hapon | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

| Pangunahing Patakaran 3 | Paninirahan |
|---|---|

◆**Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Sapat na ibinibigay ang impormasyon sa paglipat sa pabahay ng lungsod at impormasyon sa mga pribadong paupahang bahay na tumatanggap ng mga dayuhang mamamayan upang maaayo na makahanap ang mga dayuhang mamamayan ng matitirhan, maunawaan nila ang mga patakaran sa pamumuhay at mamuhay ng payapa.

◆**Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na “walang masyadong problema sa paghahanap ng tirahan” | 55.5% | 65.0% |

◆**Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran⑥ Suporta para sa maayos na paglipat sa pribadong paupahang bahay
Patakaran⑦ Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa komunidad

◆**Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran⑥ Suporta para sa maayos na paglipat sa pribadong paupahang bahay**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pribadong paupahang bahay, atbp. | Kagawaran ng Pabahay at Lungsod |

**Patakaran⑦ Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa komunidad**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagbibigay ng impormasyon ng Tanggapan sa Pangangasiwa ng Pabahay sa Lungsod (City Housing Management Office), atbp. | Kagawaran ng Pabahay at Lungsod |

| Pangunahing Patakaran 4 | Trabaho |
|---|---|

**◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Sapat na ibinibigay ang impormasyon kinakailangan para sa pagtatrabaho sa mga dayuhang naghahanap ng trabaho. Bukod dito, nasa ligtas at komportableng kapaligiran ng trabaho ang mga manggagawang dayuhan.

**◆Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na “hindi makahapan ng trabaho” nang tinanong tungkol sa problema pamumuhay sa bansang Hapon | 10.1% | 8.0% |

**◆Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran⑧ Pagpapabuti sa pagtatrabaho at kapaligiran ng trabaho

**◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran⑧ Pagpapabuti sa pagtatrabaho at kapaligiran ng trabaho**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagtatag ng job fair para sa mga dayuhang estudyante | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Seminar para tulungan sa paghahanap ng trabaho ang mga dayuhang estudyante | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagpapalaganap ng “Charter sa Pagtataguyod ng Wastong Pagtatrabaho ng Dayuhang Manggagawa at Pakikibagay sa Lipunan ng Bansang Hapon” | Kagawaran ng Kabuhayan ng Mamamayan ng Lungsod |

| Pangunahing Patakaran 5 | Edukasyon |
|---|---|

◆**Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Sapat na ibinibigay ang impormasyon tungkol sistemang pang-edukasyon sa maraming wika at pinapabuti ang sistema sa pagsuporta sa pag-aaral ng wikang Hapon, at naiintindihan ng mga magulang ng dayuhang batang estudyante ang sistema ng edukasyon ng bansang Hapon. Bukod dito, masiglang nag-aaral ang mga dayuhang batang estudyante upang makamit ang kakayahan sa wikang Hapon at maging marunong makibagay sa buhay sa paaralan at pamumuhay sa bansang Hapon.

◆**Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na “walang masyadong problema sa edukasyon” | 43.5% | 60.0% |

◆**Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran⑨ Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng edukasyon sa mga magulang
Patakaran⑩ Pagpapabuti sa suporta sa pag-aaral
Patakaran⑪ Pangangasiwa ng mga batang hindi nakatala sa paaralan
Patakaran⑫ Patnubay sa landas ng kinabukasan

◆**Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran⑨ Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng edukasyon sa mga magulang**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paggawa ng paunawa tungkol sa pagpasok sa paaralan at paunawa tungkol sa tulong sa pag-aaral na nauugnay sa pananalapi (shugaku enjo) sa wika ng ibang bansa | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |

**Patakaran⑩ Pagpapabuti sa suporta sa pag-aaral**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pangangasiwa ng Sentro sa Konsultasyon para sa Pagtuturo ng Wikang Hapon (Nihongo Kyoiku Sodan Center o Japanese Language Education Consultation Center) | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Pangangasiwa ng "Unang Intensibong Klase sa Wikang Hapon" at "Klase sa Wikang Hapon na May Espesyal na Suporta at Patnubay" | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Pagpapadala ng guro sa wikang Hapon | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Paglalagay ng guro sa sariling wika ng bata | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Pagtatag ng "Klase sa wikang Hapon para sa mga Bata" (Inulit) **Pinalawak** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Kurso tungkol sa pamamaraan sa pagtuturo ng batang estudyanteng kailangang turuan ng wikang Hapon | Lupon na Nangangasiwa sa |
| Paglilinang ng mga tagasuporta sa mga dayuhang bata at estudyante | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran⑪ Pangangasiwa ng mga batang hindi nakatala sa paaralan**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pag-uunawa sa kasalukuyang sitwasyon ng batang hindi nakatala sa paaralan | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Mga pagsisikap upang itaguyod ang pagpasok sa paaralan **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br><br>Kagawaran ng Bata at Kabataan<br><br>Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |

**Patakaran⑫ Patnubay sa landas ng kinabukasan**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Patnubay sa landas ng kinabukasan para sa mga dayuhang bata at magulang | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br><br>Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |

| Pangunahing Patakaran 6 | Kalusugan, Medikal na Serbisyo, Kapakanan (Welfare) |
|---|---|

**◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Ibinibigay sa mga dayuhang mamamayan ang impormasyon tungkol sa kalusugan, medikal na serbisyo at kapakanan (welfare) sa maraming wika. Halimbawa sa mga ito ay ang impormasyon hinggil sa mga medikal na institusyon kung saan nagagamit ang wika ng ibang bansa at ang sistema ng panlipunang seguro. Bukod dito, ang mga dayuhang mamamayan ay maaaring tumanggap ng mga pangkalusugan, medikal at pangkapakanan na serbisyo.

**◆Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na "hindi alam kung nasaan ang mga ospital at klinika kung saan magagamit ang sariling wika" nang tinanong tungkol sa problema pamumuhay sa bansang Hapon | 23.1% | 10.0% |

**◆Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran⑬ Pagpapabuti sa pagbibigay ng impormasyon na kaugnay sa kalusugan, medikal na serbisyo, at kapakanan (welfare).
Patakaran⑭ Pagbibigay ng pangangalaga sa mga dayuhang pasyente sa maraming wika atbp.
Patakaran⑮ Pagsasagawa ng pagsusuri ng kalusugan at konsultasyon sa kalusugan
Patakaran⑯ Pagbibigay suporta sa kalusugan ng mag-ina (mother and child health) at pag-aalaga ng bata
Patakaran⑰ Pagbibigay suporta sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, atbp.
Patakaran⑱ Pagtugon sa mga problemang DV (domestic violence)
Patakaran⑲ Paghadlang ng pagkakahiwalay sa lipunan

**◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran⑬ Pagpapabuti sa pagbibigay ng impormasyon na kaugnay sa kalusugan, medikal na serbisyo, at kapakanan (welfare).**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paglikha ng impormasyong pangkalusugan atbp. sa maraming wika | Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan<br><br>Kagawaran ng Bata at Kabataan |

**Patakaran⑭ Pagbibigay ng pangangalaga sa mga dayuhang pasyente sa maraming wika atbp.**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagsali sa sistema ng medikal na interpreter sa Aichi | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng mga dayuhang pasyente sa mga ospital ng lungsod at ospital ng universidad ng lungsod | Kagawaran ng Ospital<br>Nagoya City University |

**Patakaran⑮ Pagsasagawa ng pagsusuri ng kalusugan at konsultasyon sa kalusugan**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagsasagawa ng konsultasyon sa kalusugan na para sa mga dayuhan | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Medikal na eksaminasyon sa mga dayuhang pasyenteng may tuberkulosis | Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan |
| Pagpapadala ng interpreter sa mga dayuhang pasyenteng may tuberkulosis, atbp. | Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan |

**Patakaran⑯ Pagbibigay suporta sa kalusugan ng mag-ina (mother and child health) at pag-aalaga ng bata**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Klase sa pag-aalaga ng bata na para sa mga pamilyang dayuhan | Naka Ward |
| Pagpapadala ng interpreter sa klase sa pag-aalaga ng bata, pagbisita sa bagong silang na sanggol/sanggol **Bago** | Naka Ward |
| Paglalagay ng interpreter sa nursery school | Kagawaran ng Bata at Kabataan |

**Patakaran⑰ Pagbibigay suporta sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, atbp.**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pag-unawa sa sitwasyon ng mga matatanda, mga taong may kapansanan, atbp. **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br><br>Kagawaran ng Kalusugan at Kapakanan<br><br>Kagawaran ng Bata at Kabataan |

**Patakaran⑱ Pagtugon sa mga problemang DV (domestic violence)**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paglalagay ng interpreter sa mga aktibidad na tumutulong sa mga konsultasyon o pagpapayo sa mga kababaihan at bata | Kagawaran ng Bata at Kabataan |

**Patakaran⑲ Paghadlang ng pagkakahiwalay sa lipunan**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Proyekto ng peer support para sa mga dayuhan | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

| Pangunahing Patakaran 7 | Pagtataguyod ng paglahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad |
|---|---|

### ◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran

Habang naiintindihan ng mga dayuhang mamamayan ang sistema ng komunidad, sumasali at lumalahok rin sila sa mga aktibidad. Sa isang pantay na posisyon, nakikipagtulungan sila sa mga mamamayang Hapon bilang sumusuportang bahagi ng komunidad upang mabigyang solusyon ang mga problema sa pamumuhay komunidad.

### ◆Hangad na Matupad ng Patakaran

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na “sumasali sa aktibidad ng komunidad” | 43.2% | 65.0% |

### ◆Direksiyon ng Patakaran

Patakaran⑳　・Pakikipagtulungan sa mahalagang tao (key person) at network

Patakaran㉑　・Pagsisimula ng istruktura kung saan isinasama ang opinyon ng dayuhang mamamayan sa patakaran

Patakaran㉒　Pagtataguyod ng paglahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad

### ◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran

**Patakaran⑳　Pakikipagtulungan sa mahalagang tao (key person) at network**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagtitipong salu-salo ng mga organisasyon na nagtataguyod sa multicultural coexistence | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran㉑**　Pagsisimula ng istruktura kung saan isinasama ang opinyon ng dayuhang mamamayan sa patakaran

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Round-table na pagpupulong ng mga dayuhang mamamayan | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran㉒　Pagtataguyod ng paglahok ng mga dayuhang mamamayan sa komunidad**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Huwarang proyekto sa pagtataguyod ng multicultural coexistence | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyekto sa pagpapabuti ng kaalaman ng mga dayuhang mamamayan tungkol sa sistema ng samahan ng magkakapitbahay at samahan ng komunidad | Kagawaran ng Kabuhayan ng Mamamayan ng Lungsod |
| Pangangasiwa ng boluntaryo ng wika sa panahon ng sakuna (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Buwan sa pagtataguyod ng multicultural coexistence (Inulit) **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyekto sa paglikha ng lungsod na may multicultural coexistence (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyekto sa paglikha ng lungsod na may coexistence at pakikisalamuha sa mga dayuhan　(Inulit) | Naka Ward |

| Pangunahing Patakaran 8 | Paglikha ng mapayapa at ligtas na komunidad |
|---|---|

**◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Sapat na nakukuha ng mga dayuhang mamamayan ang kaalaman at impormasyon tungkol sa pag-iingat sa sakuna at paghadlang sa krimen upang maprotektahan ang kanilang sarili. Nililinang at naka-network na ang mga boluntaryong interpreter at tagasalin ng wika sa panahon ng sakuna at matutulungan nang walang pagka-antala ang mga dayuhang mamamayan sa panahon ng sakuna. Bukod dito, may kakayahan ring magbigay ng tulong ang mga dayuhang mamamayan sa panahong ito.

**◆Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng dayuhang mamamayan na “naghahanda para sa mga lindol at bagyo” | 74.4% | 80.0% |

**◆Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran㉓ Paghahanda at pagpapaliwanag tungkol sa sakuna

Patakaran㉔ Paglilinang, pagsusuporta, pakikipagtulungan at kolaborasyon sa mga interpreter at sarisaring boluntaryo sa panahon ng sakuna

Patakaran㉕ Paggamit ng maraming wika sa mga paraan sa pakikipag-ugnayan o komunikasyon sa mga dayuhang mamamayan at pakikipagtulungan sa sarisaring media sa panahon ng sakuna

Patakaran㉖ Pagtataguyod ng paghadlang sa krimen at kaligtasan ng trapiko

**◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran㉓ Paghahanda at pagpapaliwanag tungkol sa sakuna**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Proyekto sa pagpapaliwanag tungkol sa pag-iingat sa sakuna sa mga dayuhan | Kagawaran sa Pangangasiwa ng Sakuna at Krisis<br><br>Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Mga kilalang pang-emerhensiyang evacuation center sa panahon ng sakuna **Bago** | Kagawaran sa Pangangasiwa ng Sakuna at Krisis |

**Patakaran㉔ Paglilinang, pagsusuporta, pakikipagtulungan at kolaborasyon sa mga interpreter at sarisaring boluntaryo sa panahon ng sakuna**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paglikha ng network sa mga lokal na komunidad at bawat organisasyon | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng boluntaryo ng wika sa panahon ng sakuna | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran㉕ Paggamit ng maraming wika sa mga paraan sa pakikipag-ugnayan o komunikasyon sa mga dayuhang mamamayan at pakikipagtulungan sa sarisaring media sa panahon ng sakuna**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pakikipagtulungan sa mga embahada ng ibang bansa | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga sakuna sa pamamagitan ng sarisaring paraan | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran㉖ Pagtataguyod ng paghadlang sa krimen at kaligtasan ng trapiko**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagbibigay ng impormasyon sa paghadlang ng krimen at kaligtasan ng trapiko | Kagawaran ng Kabuhayan ng Mamamayan ng Lungsod<br><br>Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

## Paraan ng Patakaran Ⅲ Lipunan na nakikinabang sa dibersidad

| Pangunahing Patakaran 9 | Pagpapabuti ng kaalaman sa lipunan ng komunidad |
|---|---|

**◆Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Sumusulong ang pag-unawa ng mga mamamayan sa multicultural coexistence society, at lumalalim ang pagkakaunawaan sa pagitan mga mamamayang Hapon at dayuhang mamamayan habang nirerespeto ang mga karapatang pantao ng mga dayuhan.

**◆Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga mamamayan na nakikisalamuha sa mga taong iba ang nasyonalidad sa komunidad | 31.7% | 40.0% |

**◆Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran㉗ Pagpapaliwanag sa mga mamamayan ng komunidad, atbp.

Patakaran㉘ Pakikipagtulungan sa himpilan ng multicultural coexistence at kaugnay na organisasyon at komunidad

Patakaran㉙ Pagsagawa ng event para sa pakikipagsalamuha at pakikipag-ugnayan na may temang multicultural coexistence

Patakaran㉚ Pagtataguyod ng edukasyon upang maunawaan ang mga tao sa iba't ibang bansa (international understanding) sa punto-de-vista ng multicultural coexistence

**◆Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran㉗ Pagpapaliwanag sa mga mamamayan ng komunidad, atbp.**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Buwan sa pagtataguyod ng multicultural coexistence **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyekto sa pagpapabuti ng kaalaman sa multicultural coexistence society | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagbibigay ng impormasyon sa aklatan | Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |
| Pagsasagawa ng seminar tungkol sa karapatang pantao | Kagawaran ng Kabuhayan ng Mamamayan ng Lungsod |
| Pagsasagawa ng lektura tungkol sa multicultural coexistence | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Mga pagsisikap para mawala ang hate speech | Kagawaran ng Kabuhayan ng Mamamayan ng Lungsod<br><br>Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha<br><br>Kagawaran ng Pagtatanim at Gawaing-Bahay (Greenification and Public Works Bureau)<br><br>Lupon na Nangangasiwa sa Edukasyon |

**Patakaran㉘ Pakikipagtulungan sa himpilan ng multicultural coexistence at kaugnay na organisasyon at komunidad**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pangangasiwa ng Pang-internasyonal na Sentro ng Nagoya (Nagoya Kokusai Center o Nagoya International Center) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagtatag ng Konseho sa Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence sa Lungsod ng Nagoya **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pangangasiwa ng Konseho sa Pagtataguyod ng Multicultural Coexistence sa Minato Ward | Minato Ward |

**Patakaran㉙ Pagsagawa ng event para sa pakikipagsalamuha at pakikipag-ugnayan na may temang multicultural coexistence**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Proyekto sa paglikha ng lungsod na may multicultural coexistence | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyekto sa paglikha ng lungsod na may coexistence at pakikisalamuha sa mga dayuhan | Naka Ward |
| Pagsali ng mga dayuhang estudyante sa pista ng mga mamamayan sa ward | Showa Ward |
| Pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng mga dayuhang mananaliksik at estudyante sa mga mamamayan ng komunidad | Nagoya City University |

**Patakaran㉚ Pagtataguyod ng edukasyon upang maunawaan ang mga tao sa iba't ibang bansa (international understanding) sa punto-de-vista ng multicultural coexistence**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paggamit ng NIC Classroom for Global Citizens (Silid-aralan para sa mga Mamamayan ng Daigdig) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

| Pangunahing Patakaran 10 | Pakinabangan ang dibersidad upang gawing masigla ang |
|---|---|

◆**Kalagayan ng Ninanais na Patakaran**

Kahit sino ay maaaring magpakitang-gilas sa sarili nilang mga kakayahan, na ginagamit nang lubusan kung anumang dibersidad na mayroon sila.

◆**Hangad na Matupad ng Patakaran**

| Palatandaan | Kasalukuyang Halaga (Piskal na Taong 2016) | Nilalayong Halaga (Piskal na Taong 2021) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang mamamayan na nasisiyahan sa kasalukuyan nilang pamumuhay sa Lungsod ng Nagoya | 89.2% | 95.0% |

◆**Direksiyon ng Patakaran**

Patakaran㉛ Paglikha ng lugar kung saan magagamit ang mga kakayahan ng dayuhang estudyante at dayuhang propesyonal

Patakaran㉜ Paglilinang ng yamang-tao bilang mga tagapalaganap ng multicultural coexistence

Patakaran㉝ Pakinabangan ang dibersidad upang mapagandang lalo ang Nagoya at ang diseminasyon ng impormasyon atbp.

◆**Proyekto upang Maisulong ang Patakaran**

**Patakaran㉛ Paglikha ng lugar kung saan magagamit ang mga kakayahan ng dayuhang estudyante at dayuhang propesyonal**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pangangasiwa ng International Student Center | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Proyektong Nagoya Foreign Students Friendship | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagtanggap at pagsuporta ng mga estudyanteng mula sa ibang bansa sa unibersidad ng lungsod | Nagoya City University |

**Patakaran㉜ Paglilinang ng yamang-tao bilang mga tagapalaganap ng multicultural coexistence**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Paglilinang at pagsusuporta sa pandaigdigang yamang-tao (global human resources) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Paglilinang ng mga tagasuporta sa mga dayuhang bata at estudyante (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Pagtataguyod ng mga aktibidad ng boluntaryo sa wikang Hapon (Inulit) | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

**Patakaran ㉝ Pakinabangan ang dibersidad upang mapagandang lalo ang Nagoya at ang diseminasyon ng impormasyon**

| Proyekto | Namamahalang Kagawaran |
|---|---|
| Pagpapabuti at diseminasyon ng kagandahan ng lungsod **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |
| Diseminasyon ng impormasyon sa kolaborasyon ng mga dayuhang mamamayan **Bago** | Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha |

Ikalawang Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan (Draft) [Buod na Bersiyon]

Dibisyon ng Pang-internasyonal na Pakikisalamuha
(Kokusai Koryuka o International Exchange Division)
Departamento ng Pakikisalamuhang Panturismo
(Kanko Koryubu o Tourism Exchange Department)
Kawanihan ng Turismo at Pangkulturang Pakikisalamuha
(Kanko Bunka Koryukyoku o Tourism and Cultural Exchange Bureau)
Lungsod ng Nagoya
3-1-1 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya-shi 460-8508
ＴＥＬ：052-972-3062
ＦＡＸ：052-972-4200
E-mail：a3061@kankobunkakoryu.city.nagoya.lg.jp